# DV-530-INFO T Paano Ipatupad ang Iyong Kautusan sa Pagpigil

## Iulat ang paglabag sa pulisya

Ngayong mayroon ka nang kautusan sa pagpigil sa karahasan sa tahanan, maaaring kailanganin mong ipatupad ito kung lumabag sa utos ang pinigilan na tao. Ang pagpapatupad ay karaniwang nangangahulugan ng pagtawag sa pulisya upang mag-ulat ng isang paglabag. Para ipatupad ng pulisya ang iyong utos, tumawag sa 911. Kung ang taong pinigilan ay may mga armas (mga baril), "ghost guns" (isang gawang baril sa bahay o hindi rehistradong baril), o iba pang mga armas, siguraduhing sabihin ito sa pulisya.

## Ano ang magagawa ng pulis?

Maaaring arestuhin ng pulisya ang pinigilan na tao dahil sa paglabag sa kautusan sa pagpigil. Batay sa iyong ulat ng paglabag, maaaring kasuhan ng abugado ng distrito o tagausig ang pinigilan na tao sa isang krimen. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa isang kaso o kung may kasong kriminal ang isinampa, maaari kang tumawag sa Tanggapan ng Abugado ng Distrito sa iyong lalawigan, o sa lalawigan kung saan nangyari ang paglabag. Ang pinigilan na tao ay maaaring makulong o magbayad ng multa kung mapatunayang nagkasala ng paglabag sa iyong kautusan sa pagpigil.

## Hilingin sa hukom na kumilos sa paglabag

Ang paglabag sa kautusan sa pagpigil ay nangangahulugan na ang pinigilan na tao ay hindi sumunod sa utos ng hukom. Ito ay maaaring makaapekto para sa pinigilan na tao. Halimbawa, kung mayroon kang anak sa taong pinigilan, ang isang paglabag ay maaaring makaapekto sa oras ng taong pinigilan kasama ang iyong anak. Maaari mong hilingin sa hukom na baguhin ang mga utos ng kustodiya o pagbisita dahil sa paglabag. Maaari mo ring hilingin sa hukom na utusan ang pinigilan na tao na bayaran ka o ang hukuman ng pera bilang "mga parusa" o ituring ang pinigilan na tao ng "pagsuway sa korte", at ang pinigilan na tao ay maaaring utusan na magbayad ng pera sa hukuman, gumawa ng serbisyo sa komunidad, at/o gumugol ng hanggang limang araw sa bilangguan sa bawat paglabag. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang maaaring gawin ng isang hukom, makipag-ugnayan sa iyong lokal na self-help center o makipag-usap sa isang abogado. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga self-help center, tingnan ang pahina 2.

## Anong form ang ginagamit sa aking kautusan sa pagpigil?

Narito ang ilang mga halimbawa:

- DV-130
- DV-730
- CR-160
- DV-110
- DV-116
- EPO-001

## Magtabi ng kopya ng iyong kautusan sa pagpigil

Dapat ay mayroon kang kopya ng iyong kautusan sa pagpigil sa lahat ng oras. Siguraduhing ito ang **pinakabagong** kautusan sa pagpigil at ito ay epektibo pa rin (hindi paso). Kung mayroon kang higit sa isa, magkaroon ng kopya ng bawat isa. Kung ikaw ay may cellphone, gamitin mo ang iyong cellphone para kunan ng litrato ang lahat ng pahina para lagi kang may patunay nito. Kung wala sa pagdinig ng hukuman ang pinigilan na tao, tiyaking mayroon ka ring kopya ng form ng patunay na serbisyo. Ang patunay na serbisyo ay nagpapatunay na ang pinigilan na tao ay may alam tungkol sa kautusan sa pagpigil at dapat na sundin ang utos.

## Paano kung ang hukom ay nagbigay ng mga utos na protektahan ang aking mga anak?

Maaari kang magbigay ng kopya ng kautusan sa pagpigil sa anumang lugar na mapupuntahan ng iyong anak. Kung ang pinigilan na tao ay hindi pinahihintulutan na magkaroon ng access sa mga medikal na rekord, rekord ng paaralan, o iba pang impormasyon ng iyong anak, tiyaking ipaalam kaagad ito sa mga tagapagkaloob ng iyong anak. Maaaring magandang ideya na baguhin ang iyong mga password sa anumang nakabahaging online na mga account, at i-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga tagapagkaloob na iyon.

## Magbigay ng mga kopya ng kautusan sa ibang tao

Kung gusto mong malaman ng ibang tao ang tungkol sa iyong kautusan sa pagpigil at tulungan kang ipatupad ito, bigyan sila ng kopya. Opsyonal ito at dapat lang gawin kung ligtas itong gawin. Narito ang ilang mga halimbawa:

- Ang paaralan o pangangalaga ng bata ng iyong anak, kung pinoprotektahan ng iyong kautusan sa pagpigil ang iyong anak.
- Ang ibang mga tao na protektado ng iyong kautusan sa pagpigil, kapag naaangkop.
- Ang iyong amo sa trabaho, kung nag-aalala ka tungkol sa panggigipit o pag-abuso sa trabaho.
- Lokal na departamento ng pulisya: Ang pagbibigay ng kopya sa iyong lokal na departamento ng pulisya ay opsyonal dahil ang lahat ng ahensyang nagpapatupad ng batas ay may access sa mga kautusan sa pagpigil sa pamamagitan ng isang database ng pagpapatupad ng batas.

## Paano kung mayroon akong higit sa isang kautusan sa pagpigil laban sa parehong tao?

Magtabi ng kopya ng lahat ng aktibong kautusan sa pagpigil at panatilihing nasa iyo. Kung tatawag ka ng pulis para ipatupad ang utos, kakailanganing sundin ng pulis ang mga tuntunin ng pagpapatupad (tingnan ang "Priyoridad ng Pagpapatupad" na nakalista sa likod ng mga porma ng DV-110, DV-130, at CR-160 ). Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa alinman sa mga order, makipag-ugnayan sa iyong lokal na self-help center o makipag-usap sa isang abogado.

## Saan ako makahahanap ng self-help center?

Hanapin ang self-help center ng iyong lokal na hukuman sa *www.courts.ca.gov/selfhelp*. Hindi kikilos ang mga staff ng self-help center bilang abogado mo ngunit maaari silang makapagbigay sa iyo ng impormasyon upang matulungan kang magpasya kung ano ang gagawin sa iyong kaso, at tulungan ka sa mga form.

## Saan pa ako makakahanap ng tulong?

Ang National Domestic Violence Hotline ay nagbibigay ng libre at mga pribadong tip sa kaligtasan. Available ang tulong araw-araw, 24 oras, at sa mahigit 100 na mga wika. Bisitahin online sa www.thehotline.org o tumawag sa 1-800-799-7233; 1-800-787-3224 (TTY).



I-print ang pormang ito

I-save ang pormang ito